# Pakikipag-usap sa mga Mamahayag: Ang Kailangan Mong Malaman

Ang mga nag-uulat ay tumutulong na magbahagi ng impormasyon at mga kuwento sa mundong ating kinalalagyan. **Maaari kang magpasya na makipag-usap o hindi sa isang nag-uulat.** Maaari mong tanungin ang nag-uulat kung bakit kailangan ka nilang makausap at kung paano gagamitin ang mga impormasyon bago ka sumang-ayon na magsalita para sa kanilang kuwento.

Kung ang nag-uulat ay humingi ng isang panayam, ang nag-uulat ay dapat na:

- **Sabihin sa iyo kung anong tagapagpalabas ng balita sila nagtratrabaho**
- **Sabihin sa iyo ang tungkol sa kuwento na kanilang ginagawa**
- **Sagutin ang anumang mga katanungan na mayroon ka**
- **Tanungin ka kung nais mong makipag-usap sa kanila**

Pag-isipan mong mabuti. Kung nakapagpasya ka nang makipag-usap sa nag-uulat, **maaari kang magpasya kung gaano karami sa pangalan at ibang mapagkilanlang impormasyon mo ang ilalabas sa kanilang ulat.**

PUBLIC SOURCE .ORG

DEFINE AMERICAN

## Gagawin mo ito kasama ang nag-uulat sa pamamagitan ng pagsabi sa kanila – bago pa man ang panayam – kung kayo ay:

- **"Nasa rekord,"** ibig sabihin kayo ay papangalanan at mababanggit sa kuwento.
- O **"hindi nagpapakilala,"** na ibig sabihin ay maaari kayong mabanggit subalit hindi papangalanan.
- O **"nasa likuran,"** na ibig sabihin na ang impormasyon ay maaaring nasa kuwento, ngunit hindi mababanggit, at hindi kayo papangalanan.
- O **"wala sa rekord"** na ibig sabihin ang impormasyon ay hindi maaaring mailagay sa kuwento, at kayo ay hindi papangalanan.

**Ang nag-uulat ay dapat na igalang ang inyong desisyon at isusulat ito o i-rekord ito.**

Maaari mo ring mapagpasyahan kung ang nag-uulat ay maaaring magrekord ng pag-uusap, na nasa audio o bidyo, at kung kayo ay maaaring makuhanan ng larawan o nasa bidyo. Tandaan: Maaaring mapagpasyahan ng nag-uulat na huwag nang gamitin ang impormasyon. Kayo rin ay may karapatan na magrekord ng pag-uusap para sa inyong sarili, upang makumpirma ninyo ang inyong sinabi. Kunin ang numero ng telepono ng nag-uulat upang maaari siyang kontakin para sa anumang mga katanungan, mga alalahanin o mga reserbasyon, at para maibahagi ang inyong sitwasyon.

Para sa digital na kopya at pagsasalin sa napiling mga wika, mangyaring bisitahin ang defineamerican.com/research/talking-to-journalists